# Operasyong Gerilya sa Ilocos Norte at ang Monje Guerrilla Unit sa Batac

**Leslie Kay R. Corpuz**

**ABSTRACT**

Kalayaan, ito ang pinakaaasam-asam ng mga Pilipino sa matagal ng panahon, ito ang matagal nang hinihiling ng taumbayan sa mga mananakop na Amerikano. Bagamat matagal na itong hinihangad ng Pilipinas, hindi ito agad na ipinagkaloob ng Estados Unidos. Nang abot-kamay na sana ang kalayaang matagal nang minimithi ng bansa, biglang pumasok sa eksena ang bansang Hapon. Upang mapigilan ang pagpasok ng mga Hapon sa Pilipinas ginawa nang magkatuwang na mga sundalong Pilipino at

---

LESLIE KAY R. CORPUZ is a professor of Mariano Marcos State University, Batac, Ilocos Norte and currently PhD History student at the University of the Philippines, Diliman.

Amerikano na kabilang sa USAFFE (United States Armed Forces in the Far East) ang lahat ng makakaya nito upang maipagtanggol ang bansa ngunit nabigo ang mga ito. Hindi man nagwagi sa simula, hindi natapos ang pakikibaka para sa kalayaan. Bago pa man tuluyang bumagsak ang Corregidor, nabuo na ang mga samahang gerilya sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas.

Ilalatag ng papel na ito ang kasaysayan ng mga gerilya sa Ilocos Norte partikular na ang samahang gerilya sa ilalim ng pamumuno ni Isabelo Monje at ang naging papel ng alkalde ng Batac na si Catalino Acosta sa naturang samahan. Mahalagang banggitin ang naging papel ni Acosta sapagkat itinuturing siya bilang isa sa mga mahahalagang kasapi ng samahang gerilya sa ilalim ng pamumuno ni Monje. Ang pagsasanib ng puwersa at pagtutulungan sa pagitan ng dalawang pinuno ang masasabing isa sa mga dahilan kung bakit madaling napalaya ang Batac mula sa pananakop ng bansang Hapon. Maliban sa paglalahad ng mga aktibidad ng mga gerilya ni Monje sa Batac, isasalaysay din ang mga naging operasyon nito sa loob at labas ng Batac, tagumpay man o kabiguan ang kinahantungan ng mga ito.

Isa sa magiging pangunahing pokus ng papel na ito ang Batac sapagkat ang karamihan ng mga batis na mayroon ang mananaliksik ay patungkol dito at higit sa lahat batay sa mga nakalap na mga patunay o dokumento na maraming aktibidad ang mga gerilya sa nabanggit na lugar.

**KEYWORDS**

Monje Guerrilla, Ablan-Madamba Guerrilla Unit, Batac, panahon ng Hapon sa Ilocos Norte, Ikalawang Digmaan sa Ilocos Norte, Roque Ablan, Catalino Acosta

## PANIMULA

Layunin ng papel na ito na ilatag ang kasaysayan ng mga gerilya sa Ilocos Norte partikular na ang samahang gerilya sa ilalim ng pamumuno ni Isabelo Monje at ang naging papel ng alkalde ng Batac na si Catalino Acosta sa naturang samahan. Mahalagang malaman ang naging papel ni Acosta sapagkat, ang pagsasanib ng puwersa at pagtutulungan sa pagitan ng dalawang pinuno ang isa sa mga dahilan kung bakit madaling napalaya ang Batac mula sa pananakop ng bansang Hapon. Maliban sa paglalatag ng mga aktibidad ng mga gerilya ni Monje sa Batac, isasalaysay din ang mga naging operasyon nito sa loob at labas ng Batac, tagumpay man o kabiguan ang kinahantungan ng mga ito.

Bukod sa nabanggit, susubukan ding ipakita sa papel kung papaano nakatulong ang mga gerilyang samahan sa paglaya ng Hilagang Luzon partikular na ang Ilocos Norte mula sa kamay ng bansang Hapon. Sasabihin dito kung ano ang naging papel ng mga gerilya upang matulungan ang hukbong mapagpalaya na ipinadala ng Estados Unidos sa Pilipinas. Mababanggit din kung ano ang papel na ginampanan ni Catalino Acosta bilang isa sa mga

pangunahing kasapi ng Monje guerrilla unit at kung ano ang kontribusyon niya upang maging matagumpay ang operasyon tungo sa paglaya ng Batac, ang bayang kanyang pinamumunuan.

## PAGPASOK NG MGA HAPON

Noong sumabog ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, malapit nang ipagkaloob ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas, ngunit dahil sa pagsisimula ng digmaan, ipinagpaliban muna ito, at imbes na pagkaabalahan ng mga tao ang paghingi ng kalayaan ng bansa, nabaling ang kanilang atensyon sa nangyayaring kaguluhan sa labas ng bansa. Batid ng mga Pilipino at maging ng mga Amerikano na isa sa mga bansang susunod na aatakihin ng Hapon ang Pilipinas. Sa katunayan, nakini-kinita na ng mga Amerikano na maaaring kunin sa kanilang kamay ang Pilipinas. Pumasok sa isip ng Estados Unidos ang nabanggit na posibilidad dahil sa galaw na ipinapakita ng mga Hapon sa Silangang Asya at maging sa Timog Silangang Asya. Ang mga kilos ng mga Hapon ang nagpatibay sa hinuha ng mga Amerikano na sasakupin nga nito ang Pilipinas kung magkakaroon ng pagkakataon. Ngunit hindi papayag ang Estados Unidos dito, upang mapagtibay ang depensa ng bansa, naglabas ng atas ang Pangulong Franklin D. Roosevelt kung saan ang lahat ng puwersang militar ng Pamahalaang Komonwelt ay magsasama-sama sa ilalim ng armadong puwersa ng Estados Unidos.[1] Ang atas na ito ng pangulo ang bumuo sa United States Army Forces in the Far East (USAFFE). Layunin nitong patibayin ang kasalukuyang depensa ng bansa sa kung sinumang nagnanais na agawin at sakupin ito. Inatasan bilang pinuno

ng USAFFE si Heneral Douglas MacArthur na noon ay retirado na.[2] Nang nakarating sa Pilipinas at sinimulan ni MacArthur ang paghawak sa depensa ng bansa, isa sa mga unang ginawa niya para matiyak na hindi magtatagumpay ang mga Hapon sa tangka nito sa Pilipinas ay ang isailalim sa matinding pagsasanay ang mga sundalo ng USAFFE. Maliban sa nabanggit, ipinadala rin sa bansa bilang paghahanda ang mga modernong kagamitang pandigma. Sa dami ng mga armas at sasakyang pandigmang dumating sa Pilipinas, nabuo sa kaisipan ng mga tao na hinding-hindi makakapasok ang mga Hapon. Ang paniniwalang ito ng taumbayan ay napagtibay pa lalo ng mga hakbang na ginagawa ni Heneral MacArthur bilang paghahanda sa depensa ng bansa. Sa pananaw ni Heneral MacArthur sa loob lamang ng ilang buwang paghahanda at pagsasanay sa mga sundalo, kakayanin at mananalo ang bansa sa napipintong digmaan. Sa kanyang kalkulasyon sa Marso ng taong 1942, maaari nang sumuong sa digmaan nang hindi matatalo ang Pilipinas.[3]

Bagamat pinaghandaan ng bansa ang pagpasok ng mga Hapon sa pamamagitan ng pagtatatag ng USAFFE at ang pagpapadami ng mga kagamitang pangdepensa. Bagamat masusi ang ginawang paghahanda ng pamahalaan sa malaking posibilidad na aatake ang bansang Hapon, sa kasamaang palad, nagkamali sa kanyang inaasahan si Heneral MacArthur, hindi niya batid na mas maaga pala ang itinakdang panahon ng mga Hapon sa kanilang paglusob. Kung sakaling handa man ang puwersa ng Pilipinas sa maaaring maganap, malayo sa hinagap nito ang posibilidad na magiging sabay-sabay ang pag-atake ng kalaban sa iba't-ibang bahagi ng bansa maging ang

pagbomba sa Pearl Harbor. Ang ginawang paglusob ng mga Hapon ay masasabing plantsado ang pagkakaplano at pagsasagawa sapagkat hindi ito inaasahan sa pagkakataong iyon ng mga bansang sinugod.[4]

Kampante ang taumbayan na walang masamang mangyayari rito sapagkat nasa bansa ang mga Amerikano na puspusang naghahanda upang maipagtanggol ito. Samantalang panatag din ang mga opisyal ng pamahalaan at militar sapagkat naniniwala silang may sapat pang panahon upang paghandaan ang pagputok ng digmaan sa bansa. Wala sa hinagap nilang, plano pala ng kaaway na gawing sorpresa ang pag-atake nito sa pamamagitan ng pagsugod ng mas maaga kaysa sa inaaasahan. Kung kaya't kahit naghanda ang Pilipinas sa maaaring pagsugod ng mga Hapon, hindi nito inasahan na magaganap ang pag-atake sa buwan ng Disyembre. Nagulantang na lamang ang mga opisyal ng pamahalaan at ng militar sa ginawang pagbomba ng kalaban sa Clark Field kung saan matatagpuan ang mga sasakyang panghimpapawid na isa sa pangunahing depensa ng bansa.[5] Maging ang kaisa-isang radar ng bansa na itinayo sa Iba, Zambales at ang Camp John Hay ay binomba ng mga eroplanong pandigma ng mga Hapon.[6] Kasunod ng mga pagbomba ang pagdaong ng puwersang Hapon sa mga estratehikong daungan ng Pilipinas gaya ng sa Vigan at Aparri sa Hilagang Luzon at Davao naman sa Mindanao.[7]

Sa mga sunud-sunod na pangyayari nabasag ang bulang nakabalot sa mga tao, sa mga nabanggit na pag-atake sa iba't-ibang bahagi ng bansa, nagising sa katotohanan ang mga ito na nagsimula na ang digmaang malayo sa kanilang hinagap na magaganap. Sa Ilocos, napagtanto na lamang

ng mga tao na mayroon ngang digmaan at nagsimula na ito noong makita nila ang mga eroplano ng mga Hapon at narinig nila ang balita sa radyo.[8] Ang mga taong nakarinig ng balita ng pagpasok at pagsakop ng mga Hapon sa Maynila ay nagulat at nakadama ng matinding pagkatakot. Samantalang nagising naman ang damdaming makabayan ng ilan at ito ang nagtulak sa kanilang maglunsad ng sariling pagkilos laban sa mga mananakop.[9]

Simula nang mapasok at masakop ng mga Hapon ang Maynila na idineklarang *open city* ni Heneral MacArthur upang maprotektahan sana ito, sunud-sunod na ang pagkatalo ng puwersang Pilipino at Amerikano.[10] Ang unang malaking dagok sa lakas ng bansa ay ang pagsuko ng puwersa ni Heneral Edward P. King sa Bataan noong 9 Abril 1942.[11] Sunud-sunod na ang nangyaring pagsuko hanggang sa tuluyan na ngang magtapos ang organisadong pakikibaka laban sa mga Hapon noong 7 Mayo 1942. Sumuko man ang mga sundalo ng bansa na nakikibaka sa Corregidor, hindi ito naging hadlang sa iba na ipagpatuloy ang paglaban, ang pagbagsak ng Corregidor ang siya namang simula ng pag-usbong at pagyabong ng mga samahang gerilya sa iba't-ibang bahagi ng bansa, mula Ilocos hanggang sa Mindanao.[12]

Sa pagtatapos ng buwan ng Mayo sa taong 1942, nasakop na halos ang kabuuan ng bansa ng mga Hapon at lahat ng organisadong pakikibaka ay tuluyan nang nagtapos.[13] Subalit kahit gaano man kagaling ang pagpaplanong ginawa ng mga Hapon, may mga nakaligtaan pa rin sila. Ang mga nakaligtaang ito ng mga mananakop ang ilan sa mga salik na nakatulong sa pagbuo ng mga

samahang gerilya sa bansa, ang mga dahilan ay ang hindi nila paghuli at pagkulong sa lahat ng mga sundalo ng USAFFE, hindi pagkolekta sa lahat ng mga armas at higit sa lahat ang hindi nila pagbabantay ng husto sa lahat ng bahagi ng bansa. Ang pagkakamaling ito ay nagdulot ng malaking problema sa mga Hapon sa buong panahon ng kanilang pananakop dahil sa hindi sila tinantanang guluhin ng mga gerilya. Maliban dito, dahil sa mga gerilyang hindi mapuksa-puksa ng mga Hapon, nailatag ang daan para sa hukbong mapagpalaya ng Estados Unidos upang mas madali nitong magapi ang kaaway at mapalaya ang Pilipinas.[14] Ngunit taon muna ang bibilangin bago dumating ang hukbong tutulong sa paglaya ng bansa. Sa loob ng mga taong walang balita kung kailan darating ang tulong, sa mga taong pansamantalang inabandona ng Estados Unidos ang Pilipinas, unti-unting ilalapit ng mga Hapon ang kanilang mga sarili sa taumbayan.

Sa mga unang buwan ng kanilang pananakop, inakala ng mga Hapon na tatanggapin ng mga Pilipino ang kanilang pagsakop sa bansa. Inakala nilang dahil sa kapareho nila ang mga Pilipino na Asyano, madali silang matatanggap. Ngunit sa paglipas ng mga buwan, unti-unti nilang napagtanto na malayong mangyayari ang kanilang ninanais. Upang makumbinsi ang taumbayan at maging ang mga gerilya na mabuti ang kanilang hangad para sa bansa, sinabi ng mga Hapon na kanilang ipagkakaloob ang matagal na nitong inaasam na kalayaan. Maliban sa pagkakaloob ng kalayaan, ipinangako din nila sa pamamagitan ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere na uunlad at magkakaroon ng mas malaking pagbabago sa bansa. Bilang pagtupad sa nauna nilang pangako, itinatag nila ang Ikalawang Republika

ng Pilipinas sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Jose P. Laurel.[15]

## ANG PANANAKOP NG MGA HAPON SA ILOCOS

Noong magsimula ang mga Hapon sa pagsakop sa bansang Tsina, naging hudyat ito sa Pilipinas na simulan nito ang pagpapalakas sa kanyang puwersa dahil sa nakinikinita na noon ang malaking posibilidad na masasakop ito. Upang mapangalagaan ang napipintong kasarinlan ng bansa, inorganisa ang USAFFE. Upang madagdagan ang bilang ng mga sundalo, pinaglista ang mga kalalakihang may edad na 21 gulang pataas. Hindi nahirapan ang pamahalaang kumbinsihin ang mga kabataan sapagkat karamihan sa kanila'y kusang nagpalista bunsod na rin ng umiiral na damdaming makabayan noon. Sa dami ng mga nais sumali sa USAFFE kinailangang tanggihan ng hukbo ang ilan. Noong magsimula na ang digmaan, mas marami pa ang nagprisinta sa hukbo bagamat kinailangan silang tanggihan dahil wala nang panahon para sanayin sila.[16] Gaya ng nabanggit, hindi inaasahan ang biglaang pagkilos ng bansang Hapon, bagamat alam ng mga tao na darating ang mga ito, wala sa kanilang hinagap na mas maaga ito kaysa sa inaasahan. Saka lang nila napagtanto na dumating na ang kanilang kinatatakutang digmaan noong naririnig na nila mismo ang pagsabog ng mga bombang ibinabagsak, o kaya naman noong nakita na nila ang mga sasakyang panghimpapawid ng mga Hapon.[17]

Nang magsimula ang digmaan, inudyukan uli ang mga kabataang makiisa sa pagtatanggol sa bansa. Tinawag

ng USAFFE ang mga kadete ng PMA (Philippine Military Academy) at ang mga Reserved Officers Training Corps (ROTC) ng iba't-ibang mga unibersidad at kolehiyo ng bansa upang makibahagi. Umabot sa humigit-kumulang 14,000 ang sumagot sa naturang panawagan. Ngunit pagkaraan lamang ng ilang buwan, noong 23 Disyembre 1941, pinauwi ni Heneral MacArthur ang marami sa mga ito.[18]

Kumalat na parang apoy ang balitang pumasok na ang mga Hapon sa Pilipinas, kung kaya't ang mga pook na hindi pa linusob at hindi pa napasok ng panibagong mananakop ay agad na bumuo ng samahan ng mga sibilyang magmamanman sa mga pangunahing daanan at magbibigay hudyat sa taumbayan na magsipagtago kung paparating na ang mga Hapon. Karamihan sa mga nagprisinta o nagboluntaryo ay mga kabataang hindi natanggap o hindi nakapagpalista. Inako ng mga ito ang gawaing pagmamanman o pagpapatrolya sa mga pangunahing daanan upang maibalita at makapaghanda agad ang taumbayan kung sakaling malapit na ang mga kaaway sa kanilang lugar.[19] Ngunit sa kabila nito, hindi lahat ay naging epektibo sa pagganap sa kanilang tungkulin, ang ilan, sa tinding takot sa mga Hapon na bukod sa madami ang bilang ay may buhat-buhat pang malalakas na armas ay natakot at hindi na natutupad ang kanilang tungkulin na balaan ang taumbayan upang maghanda, tanging ang mga kapamilya na lamang nila ang kanilang natulungan. Ngunit hindi maaaring sisihin ang mga ito sa naging reaksyon nila sapagkat batid nilang walang laban ang kanilang hawak na mga patalim at bolo sa mga baril at tangke ng kalaban.[20]

Dumating ang mga Hapon sa Vigan noong 10 Disyembre 1941, mula sa Vigan agad na tumungo ang mga ito sa Laoag.[21] Sa tuluyang pagdating ng mga Hapon, agad na nilisan ng taumbayan ang kani-kanilang mga tahanan. Kung ang mga taga-Maynila ay tumakbo sa mga kamag-anak nila sa probinsya, ang mga taga-probinsya naman gaya ng mga taga-Batac ay nagtago sa mga bundok na malapit sa kanilang lugar. Ayon sa mga matatandang nabuhay noong panahong iyon, sa unang mga buwan ng pananakop wala silang gaanong nakitang mga Hapon lalo na ang mga nagtago sa mga liblib na pook. Anila, maaaring isang dahilan kung bakit wala sila gaanong nakikitang mga Hapon ay dahil na rin sa agad silang nababalaan ng mga nagpapatrolya noon kapag paparating na ang mga ito sa kanilang lugar. Karaniwang kapag naalerto na sila sa pagdating ng mga kaaway, agad silang tumatakbo at nagtatago sa mga kagubatan o kaya ay sa mga kabundukang pinakamalapit sa kanilang bahay.[22]

Nang mapasok ng mga Hapon ang Ilocos, agad na nagtayo ang mga ito ng kuta sa lungsod ng Laoag. Pagkatapos nilang maisaayos ang kanilang pamumuno sa lungsod, sinimulan nilang magtayo ng iba pang kuta sa iba't-ibang bahagi ng Ilocos Norte. Karaniwang sa mga pampublikong gusali gaya ng mga munisipyo, paaralan, at maging sa mga simbahan sila nagtatayo ng kuta.[23] Sa naturang mga lugar rin nila karaniwang ikinukulong, pinapahirapan at kinukuhanan ng impormasyon ang mga taong pinaghihinalaang gerilya o kaya ay tumutulong sa mga gerilya. Upang maiwasan ang posibilidad na mapagkamalang gerilya o tagasuporta ng mga ito at maranasan ang pagmamalabis ng mga Hapon, hangga't

maaari ay iniiwasan nila na makisalamuha sa mga Hapon. Kapag naririnig na nilang may papalapit na mga Hapon, agad silang umaalis o nagtatago.[24] Sa ginagawang pagtatago ng mga tao, minsan naiiwang tiwangwang ang kanilang mga tahanan. Para mapigilan ang pagnanakaw sa mga naiwan sa abandonadong mga bahay, binabantayan ito ng mga kalalakihang tumatayo bilang sibilyang guwardiya o vigilante. Sa maiging pagpapatrolya ng mga ito, mangilan-ngilan lamang ang nangyayaring nakawan.[25]

Samantala, nang tuluyang nilisan ni Heneral MacArthur ang Pilipinas, nagkaroon ng pansamantalang kapayapaan sa ilang bahagi ng bansa, partikular na sa mga lugar na wala o hindi gaanong aktibo ang mga gerilya. Ayon sa mga taong namuhay sa naturang mga bayan gaya ng Sarrat at Paoay, naging mabait ang mga Hapon sa kanila. Maayos ang pakikitungo at pakikipag-usap ng mga ito sa kanila.[26]

Ngunit ani ng ilang mga nakapanayam, may mga pagkakataon din na nagiging palalo ang mga Hapon lalo na sa mga lugar na aktibo ang mga operasyon ng mga gerilya. Bilang bayad sa kasalanang ginawa ng mga gerilya, inabuso at pinahirapan ng mga ito ang taumbayan upang matakot ang mga ito at tuluyan nang matapos ang pagsuporta at pagsali nila sa mga gerilya. Isa sa pang-aabusong ginawa ng mga Hapon na nasaksihan ng marami ay ang pagpapahirap ng una sa alkalde ng Paoay. Ayon sa isang saksi, tinawag sila noon ng mga Hapon na magtipon-tipon sa plaza mayor ng Paoay, nang matipon na ang taumbayan ipinakita sa kanila kung ano ang ginagawa sa mga lumalaban sa pamunuang Hapon. Binugbog, ibinitin ng patiwarik at ilang beses

na inuntog sa lupa ang ulo ng alkalde ng Paoay dahil sa kasalanan nitong tahasan at harapang paglaban sa mga mananakop.[27] Hindi lamang ang mga lumalaban sa mga Hapon ang pinapahirapan, maging ang mga taong wala namang ginagawa laban sa kanila ay hindi nakaligtas gaya na lamang ng mga kababaihang pinagsamantalahan na minsan ay may edad na 10 taong gulang lamang at minsan maging ang mga matatanda. Maliban sa mga Hapon, ilan ding nagpahirap at nagsamantala sa mga mahihina at mga walang kalaban-laban ay mga kapwa Pilipino din. Karamihan sa mga Pilipinong nagsamantala sa kanilang mga kababayan ay ang mga pumanig at naging kakampi ng mga Hapon na tinawag na *Mara-Hapon*. Sinabing ang mga *Mara-Hapon*[28] ay kasing dahas ng kanilang mga pinuno o minsan ay mas marahas pa nga. May mga nang-abuso din noong panahon ng kaguluhan bilang paghihiganti sa mga nagkasala sa kanila o kaya naman ay nais lamang ng mga ito na pagsamantalahan ang kanilang kapwa. Upang hindi matukoy ang kanilang katauhan, karaniwang nagsusuot ang mga ito ng maskara o kaya ay bayong at habang suot-suot nila ang mga ito, malaya nilang nagagawa kung anuman ang kanilang naisin, pumatay, magnakaw o kaya ay manggahasa.[29] Sabi ng mga nakapanayam, mahirap ang kalagayan nila noon dahil nabubuhay sila sa takot—na nag-uugat sa kawalan ng kasiguruhan kung sino ang kanilang kaibigan o kaaway.

Karamihan sa mga nakapanayam gaya ni Rosa Yadao, sinasabing saka lamang naging sobrang mapang-abuso ang mga Hapon noong nalalapit na itong magapi ng puwersa ng mga sundalong Pilipino kasama ang mga nagbabalik na mga Amerikano.[30] Noong sinimulang sugurin ng

mga sundalo ang mga Hapon sa Ilocos, nagsitakbuhan ang huli sa Gabu, isang sitio ng Laoag. Gabu ang isa sa naging pinakamalakas na kuta nila sa Ilocos Norte noong napipinto na ang kanilang pagkatalo. Nang mapag-alaman at matiyak ng mga Amerikano na nagtatago ang mga Hapon sa nabanggit na lugar, sinimulan nilang bagsakan ito ng bomba. Ang pagbomba ng mga Amerikano sa kanila ang nagtulak sa ilang mga Hapon na sumuko habang ang iba naman ay nilisan ang Ilocos at tumakbo sa mga kabundukan o papunta ng Vigan.[31]

## BATAC NOONG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Noon pa man, masasabing palaban na ang taumbayan ng Batac, patunay nito ang ilang ulit na paglaban nila sa mga pang-aabuso at pagmamalabis ng mga Espanyol sa kanila. Noong pumasok ang ikalawang mananakop, ang mga Amerikano, lumaban uli ang mga ito, sa kanilang paglaban ipinakita ng mga Bataqueño ang kanilang pagpapahalaga sa kasarinlan na pansamantala lamang na nalasap ng Pilipinas. Sa pagpasok ng ikatlong mananakop ng bansa, ang mga Hapon, hindi nakapagtatakang nilabanan din ang mga ito ng mga taga-Batac, marami sa mga mamamayan nito ay naging aktibong mga gerilya.

Gaya ng karamihan sa mga grupong lumaban sa mga Hapon na naglabasan sa iba't-ibang bahagi ng bansa, ang samahang gerilya sa Batac ay binuo at pinamunuan ng mga dating sundalo sa USAFFE, pinuno ng lokal na pamahalaan o pulisya at marami sa mga miyembro nito ay mga ordinaryong mamamayan na nais lumaban noon

sa Bataan bagamat hindi nabigyan ng pagkakataon.[32] Ang naturang mga samahan kontra Hapon ay nagsagawa ng mga operasyong gerilya o patagong pakikibaka sa iba't-ibang panig ng bansa. Karaniwang patago ang operasyon ng mga ito sapagkat ayon kay Charles Willoughby, hindi kaya ng mga gerilya sa harapang labanan ang mga Hapon sapagkat maliban sa malaki ang kanilang bilang ay marami pa silang malalakas na armas. Kung sakaling nakakalaban man nila ang mga Hapon kapag kakaunti lamang ang mga ito, hindi naman nila natatalo ang mga Hapon sapagkat madaling nakakarating ang karagdagang puwersa nila dahil sa mga maaayos na daanan. Upang mabawasan ang bilang ng mga gerilya, nagpatupad nang maigting na kampanya laban sa mga ito, ang mga tao o pamilyang napag-aalamang nakikisimpatiya sa kanila ay pinapahirapan. Dahil sa kontra-opensibang ginagawa ng mga Hapon, marami sa mga mamamayan ang bumabaliktad at ipinagkakanulo ang mga gerilya. Higit sa lahat, tila wala ring kooperasyon sa pagitan ng mga gerilyang grupo kung kaya't nanatiling patago at maliliit lamang ang operasyong inilulunsad nila.[33]

## ANG SAMAHANG GERILYA SA ILOCOS NORTE

Sa kaso ng Ilocos lahat ng mga samahang gerilya kahit ang mga gerilya ng Batac ay pumailalim sa pamumuno ng Ablan-Madamba Guerilla Unit. Itinatag ang samahan ni Gobernador Roque Ablan at Feliciano Madamba, kasapi ng USAFFE, noong magsimula ang digmaan.[34] Nagkakilala ang dalawa noong inilikas ni Ablan ang pamahalaan ng Ilocos Norte sa kabundukan ng Nueva Era[35] noong 12 Disyembre 1941 at kinalaunan nakarating ito sa

Maananteng, Solsona, Ilocos Norte kung saan namalagi ang Pamahalaang Panlalawigan.[36] Sa paglikas ng Pamahalaang Komonwelt, tuluyang nasakop ng mga Hapon ang Ilocos Norte, nagtatag ang kaaway ng panibagong pamahalaan at nagtalaga sila ng ibang pamunuan. Bagamat mas malakas ang puwersa ng kalaban kaysa sa kanila, hindi nawalan ng pag-asa si Ablan na mababawi nila ang probinsya. Maliban sa grupo nila ni Madamba, marami pang ibang gerilyang samahan ang nagsulputan sa Ilocos Norte, pinamunuan ito ng mga dating kasapi ng USAFFE o kaya naman ay mga mayor. Sa pagsusumikap ng dating gobernador at ni Madamba lahat ng mga ito ay sumapi sa kanila at dahil dito naging mas organisado ang mga gerilya sa Ilocos.[37] Marahil pinaghatian ng dalawa ang pamumuno sapagkat ayon muli kay Willoughby, pinamunuan ni Madamba ang mga nasa Abra at maaaring sa Ilocos naman nakatuon ang pansin ni Ablan.[38]

## ANG SAMAHANG GERILYA SA BATAC

Isa sa mga gerilyang samahan na naging bahagi ng Ablan-Madamba Guerilla Unit ay ang itinatag ni Teniente Isabelo Monje ng Paoay kasama ang ama ng bayan ng Batac na si Catalino Acosta. Kabilang si Monje sa mga sundalo ng 121$^{st}$ Infantry ng USAFFE na nagkawatak-watak sanhi ng labanan sa pagitan nila at ng puwersang Hapon sa Damortis, La Union noong Enero ng 1942. Marahil sa tindi ng kanyang pagnanais na ipagtanggol ang bansa, ang napipinto nitong kalayaan at ipagpatuloy ang paglaban sa kaaway, pagbalik ni Monje sa Ilocos agad pinuntahan ng teniente ang alkalde ng Batac upang kumbinsihin ang huli na makibahagi sa pagtatatag ng samahang gerilya.[39] Noong

nilapitan ni Monje si Acosta, nailipat na ang pamahalaang bayan ng Batac sa isa sa mga liblib na nayon nito.[40] Kahit malayo sa *poblacion* ang inilipat at nagtatagong pamahalaan, nagpatuloy ang komunikasyon sa pagitan nito sa pamahalaang probinsyal at maging sa pamahalaang pambansa.

Malayo man ang pinagtaguan ng alkalde ng pamahalaan ng Batac tinungo pa rin ito ni Monje upang ilatag ang kanyang plano. Noong unang inihain ni Tiniente Monje ang kanyang plano kay Alkalde Acosta nagdalawang-isip muna ang huli sapagkat lingid pa ito sa kaalaman ni Gobernador Ablan. Ngunit di nagtagal tuluyang napagdesisyunan ng alkalde na alam man o hindi ng pamahalaang probinsyal ang pagbuo nila ng samahang gerilya, hindi na ito mahalaga sapagkat para sa inang bayan ang kanyang gagawin. Binuo ng dalawa ang samahang kinilala sa katawagang Monje Guerilla Unit noong unang bahagi ng Pebrero taong 1942. Ang naturang samahan ay nasa pinagsamang pamumuno ni Monje at Acosta, ang pangunahing kasapi nito ay binubuo ng mga sundalo ng USAFFE at mga reserbang sundalo, umabot sa humigit-kumulang animnapu ang unang mga sundalong kasapi nito.[41] Maliban sa nabanggit, naging bahagi din ng samahan ang mga kasapi ng CEA o Civilian Emergency Administration na itinatag sa Batac noong Hunyo 1941, alinsunod sa utos ng Kalihim ng Interyor. Kahit mga sibilyan may kaalaman din sa pakikidigma ang mga kasapi ng CEA sapagkat bilang paghahanda sa nalalapit na digmaan, sinanay sila ng ilang buwan ng Provincial Commander ng PC o Philippine Constabulary. May mga nakuha pang karagdagang miyembro sa mga karatig-bayan ng Batac gaya ng Paoay, Currimao, at Pinili.[42]

Ngunit gaano man kadami ang bilang ng mga gerilya, hindi nito kakayaning labanan ang kalaban kung kulang sila sa armas. Ang tanging mga armas na mayroon sila ay ang mga hawak ng mga sundalong kasali sa labanan sa La Union, 20 riple na galing sa PC, 50 ripleng Springfield, dalawang awtomatikong riple at dalawang machine gun.[43] Kung ikukumpara ang naturang mga armas sa mga hawak ng mga Hapon, napakaimposibleng matatalo ng kakarampot at napaglumaang mga sandata ang makabagong armas ng mga kaaway. Upang kahit papaano ay madagdagan ang kanilang panlaban, nilapitan nila si Gobernador Ablan. Ang gobernador ang hiningan nila ng armas sapagkat napag-alaman nilang may mga naitago itong mga sandata. Ngunit sa kasamaang-palad hindi nila nahanap si Ablan pero natagpuan naman nila ang itinago nitong mga baril sa barrio Cabittauaran sa bayan ng Banna. Bagamat karamihan sa mga ito ay sira na at dalawampu na lamang ang gumagana. Mas dumami pa ang armas ng mga gerilya noong kanilang napasali ang mga nagdaraang USAFFE sa kabundukan ng Nueva Era. Isa sa mga grupong sumapi kina Monje ay ang samahan nina Sarhento Artemio Dimaya.[44]

Hindi lamang mga sundalo at miyembro ng CEA ang naging mga gerilya kundi may iba pang mga sibilyang sumapi. Ang mga sibilyang bagong kasapi ng Monje Unit ay pinagsama-sama sa barrio Sasacduan sa Batac at doon sila pormal na hinirang na gerilya. Isinailalim sa isang masusing pagsasanay na militar ang mga ito. Bilang armas, binigyan sila isa-isa ng bolo.[45] Bagamat kinilala ang grupong tinawag na Bolomen Battalion bilang bahagi ng samahang gerilya ni Monje hindi sila itinuring ng mga Amerikano partikular

na ni Kolonel Robert Arnold na kasama ng 15$^{th}$ Infantry. Itinuring lamang sila bilang mga sibilyang tumulong sa mga gerilya noong panahon ng digmaan sa pamamagitan ng pagkuha at pagdala ng mga pagkain at armas, pag-alaga sa mga maysakit at sugatan.[46]

Tuluyang naging bahagi ng USAFFE[47] ang samahang gerilya nina Monje at Acosta pagkatapos itong pormal na kilalanin ni Gobernador Ablan. Natanggap nila ang sulat na kumilala sa kanilang samahan noong 27 Mayo 1942. Sinundan ito ng opisyal na pagkilala mula sa panig ng mga Amerikano sa pamamagitan ng Special Order 33[48] na pinirmahan ni Kolonel John Horan noong 25 Abril 1942.[49]

Bago kinilala ni Ablan at ng USAFFE ang samahang gerilya, kamuntikan na itong mabuwag dahil sa isang insidente noong 8 Pebrero 1942. Noong sugurin sila ng mga Hapon na napag-alamang mayroong nangyayaring pagpupulong sa pagitan ng mga gerilya, USAFFE, at ng mga opisyal na nagmula sa iba't-ibang bahagi ng Ilocos Norte sa barrio Nainitan, Batac. Nadakip ang humigit sandaang katao na dinala sa Laoag upang kunan ng impormasyon. Ngunit nagmatigas ang mga nahuli kung kaya't pinahirapan sila ng husto. Subalit, gaano man ang hirap na dinanas ng mga nadakip sa kamay ng mga kaaway, hindi nila ipinagkanulo ang samahan. Dahil sa walang makuha na mahalagang impormasyon sa mga nadakip, pinalaya din sila pagkaraan ng mahigit isang linggo.[50] Sa pananahimik at proteksyon na ibinigay ng mga tao sa mga ito nagkaroon ng pagkakataon ang mga gerilya na dagdagan at palakihin ang kanilang hanay. Habang abalang

nangunguha ng impormasyon ang mga kalaban laban sa kanila, abala namang sinasanay ng mga gerilya ang mga bago nilang kasapi bilang paghahanda sa mas maigting na pakikipaglaban.[51]

## MGA OPERASYONG GERILYA SA ILOCOS NORTE AT BATAC

Naganap ang unang opensiba ng Monje Guerilla Unit noong 9 Hunyo 1942 sa Nannuangan, Batac.[52] Inilungsad ang operasyon na ito bilang kontra-opensiba sa napipintong pagsugod ng mga Hapon sa kampo nina Ablan. Bukod dito, isa pang dahilan ng opensiba ay dahil napag-alaman ding may balak ang mga *Mara-Hapon* at maging ang mga sundalong Hapon na sunugin ang mga kabahayan sa Batac at Paoay. Maliban sa nabanggit, balak din nilang mandakip pa na dagdag ng nauna na nilang hinuli bilang higanti sa mga gerilya dahil sa pagbihag ng mga ito ng tatlo[53] nilang kasamang Hapon.[54]


Sa ginawang opensiba nina Monje sa barrio Antatet (Angkatit),[55] Batac, dalawang trak, isang *jitney*, at kotse ng opisyal ang tinambangan ng labing-isa niyang tauhan.[56] Dito, napatay nila ang isang opisyal na may ranggong medyor[57] na diumano ay nagsilbing isa sa mga *aide-de camp* ni Heneral Masaharu Homma,[58] tatlo pang opisyal at 16 na *privates*.[59] Kaunti lamang sa mga Hapon ang nakatakas at nakahingi ng tulong sa kanilang mga kasamahan. Nang makatawag ng karagdagang kasamahan ang mga Hapon, agad sana nilang babalikan ang mga gerilya ngunit dahil sa pagbuhos ng malakas na ulan na sinundan ng pagbaha,

hindi agad nakabawi ang mga Hapon sa grupo ni Monje. Nang muling makabalik sila sa Nannuangan, wala na ang mga tauhan ni Monje, sa sobrang galit ng mga Hapon nagwala at nanunog sila ng isang bahay.[60]

Naganap ang mga sumunod na operasyon nina Monje sa ibang mga bayan, subalit hindi muna sila agad naglunsad ng mga pagkilos sa Batac dahil sa posiblidad na maaaring mahuli sila o kaya ay pahirapan ng husto ang mga mamamayan sa naturang bayan kung aatakihin nila muli ang mga Hapon roon.

Isang buwan pagkatapos na tambangan sa Batac ang mga Hapon noong 8 Hulyo 1942, isang sulat ang ipinadala ng isang opisyal ng USAFFE[61] kay Mayor Acosta, nakalahad sa sulat na kailangang lisanin ng mga mamamayan ng Batac ang kanilang *población* bago sumikat ang araw. Hindi inilahad kung ano ang mangyayari sa araw na iyon (ika-9 ng Hulyo), ang tanging inilagay na gagawin ng hukbo ay ang pagkuha kina Heneral Artemio Ricarte[62] at Mariano Marcos[63] kung sakaling nasa Batac sila.[64]

Limang araw pagkatapos dumating ang nabanggit na sulat, may isa pang sulat na natanggap si Acosta, galing naman ito kay Heneral Ricarte. Sa sulat ng huli, pinakiusapan niya ang una na sumuko na ito kasabay ng ibang mga opisyal na kasama niyang nagtatago sa mga Hapon. Ani Ricarte, ipagtatanggol niya ang mga ito at sisiguraduhin niyang hindi sila makukulong. Inudyukan pa niya ang alkalde na kausapin din ang taumbayan na magsipagbalik na sa kani-kanilang mga tahanan.[65]



United States Army
Forces in the Far East

My dear Mayor,


I have ordered three of my experts each armed with the BAR to pick up [illegible] & [illegible] when they come to Batac tomorrow [illegible] given by Lt. [illegible] in the [illegible].

We advise your constituents to evacuate the poblacion before sunrise tomorrow.

Yours [illegible]

Received today
July 8, 1942
@ 8:00 A.M.
[illegible]

Kopya ng liham ng USAFFE para kay Alkalde Catalino Acosta na may petsang 8 Hulyo 1942. Mula sa Acosta Family Collection, Batac City.



Batac, Ilocos Norte, Julio 13, 1942

Mr. Catalino Acosta
Alcalde ti Ili a Batac

Patgok unay ñga Apo ken ililiwek a Kailyak:- Iti diak panagnagdudua ita segged ta ayat-mo ken ita sudi ta panunot, saanak ketdi ñga umamak a mañgipadanon konka daytoy surat-ko, ta dakkel unay toy kalikagum a mapatalna toy nakayanakan-ta ñga ili a Batac. Siammo-ta ñga dua ñga iti ili a Batac adu dagiti nakasaysayaat ken nakay-ayo a pakasarsaritaan-na iti historia-tayo a Filipino, ket iti kasta karbeñgan ti siasino-man a nayanak kania-na a di mansaan daytoy nasudi a nagan.

Kaypoon iti daytoy a banag sireragsakak unay ñga umawis konka agraman amin kadagita buyot-mo a sumañgo kadagiti agturay a Japon ken pilipino ditoy a provincia ti Ilocos Norte, ket agkari ti tumunggal maysa kadakayo a tumulong iti panagtalna ken panagsimpa iti balbalay-da ti amin ñga umili. Saanicay kuma ñga umamuk itoy ñga awisko ta siakto met laeñg ti tumulong iti panagwaya-waya-yo. Irukbabyo dagiti armas wenno iñgam ñga addat ita bibiangyo, ta tapno mapati ti imbag ta pakinakem, ket sungbatak ti libertad ti siasino-man ñga agrukbab.

Siuray-ak iti nasayaat ti panangawat-yo itoy a panangawisko, ket siammo-kay met a sisasaganaak ñga urabraza kadakayo,

s/ Artemio Ricarte Vibora
t/ General Artemio Ricarte Vibora

TRANSLATION OF THE ABOVE LETTER

Batac, Ilocos Norte, July 13, 1942

My dear Sir and my Loving Townmates:-

Because I do not doubt of your burning love and clear thoughts, I did not hesitate to send you my letter as I am desirous to make our birthplace, Batac peaceful. Both of us believe that in the town of Batac there are many splendid and lovely tales which are found in the history of the Philippines and as such it is proper for anybody born in this town to see to it that its magnificent name must not be stained.

Because of all these facts, I take pleasure in inviting you including all your companions to face the Japanese and Filipino officials in the province of Ilocos Norte and each and every one of you promise to help make peace and have all persons stay calmly in their respective homes. Do not be afraid to follow my invitations because I will be the one to help you obtain your liberty. You surrender the arms or long knoves that you are holding to show that you have clear thoughts, and I will answer for the liberty of anybody who surrenders.

I wait for your sincere acceptance of my invitation and you know that I am ready to embrace each and every one of you.

s/ Artemio Ricarte Vibora
t/ General Artemio Ricarte Vibora

TRUE COPY:
A L PASILABBAN
Cappain, Inspector General
HFGF (AFP)
Camp Floridablanca, Pampanga

Kopya ng liham ni Heneral Artemio Ricarte para kay Alakade Catalino Acosta na may petsang 13 Hulyo 1942. Mula sa Acosta Family Collection, Batac City.

Hindi pinakinggan ni Acosta ang pakiusap sa kanya ni Ricarte, nagmatigas siya sa kanyang paninindigan na huwag isuko ang Pamahalaang Komonwelt. Dahil dito kinilala siya bilang natatanging alkalde sa Ilocos na hindi isinuko ang pamahalaan sa mga kalaban. Kinilala ang kanyang kabayanihan nina Medyor Arnold at Veterans Legion of the Philippines.[66]

Ang sumunod na operasyon ng mga gerilya sa Batac ay nangyari sa buwan ng Nobyembre, bagamat hindi naging tagumpay ang kanilang plano sapagkat napag-alaman ito ng mga kalaban. Sa operasyong ito, naglatag ng patibong ang mga gerilya sa pangunahing daanan sa Magnuang, Batac ngunit natunugan ito ng mga Hapon. Kung kaya't imbes na dumaan sila sa Magnuang, iniba nila ang kanilang ruta at dumaan na lamang sa Currimao at Paoay. Hindi man napinsala nina Monje ang mga kalaban sa Batac, agad naman nilang nalaman na may nagkanulo sa kanila at nakuha mula sa kanya ang bagong ruta ng mga Hapon. Dahil dito, nasundan nila ang mga ito at nagkaroon ng engkuwentro. Sa nangyari, pinagbuntunan ng galit ng mga Hapon ang mga mamamayan dahil sa koneksyon nila sa mga gerilya.[67]

Marahil, ang aktibong pagbibigay ng tulong at pagprotekta ng mga taga-Batac sa mga gerilya ang masasabing isa sa mga dahilan kung bakit nagtayo ng kampo sina Monje sa Camguidan isa sa mga liblib na barrio sa Batac noong Disyembre 1942. Subalit inilipat nila ang kampo sa Sasacduan, Batac nang malaman kaagad ito ng mga Hapon.[68] Nang mapag-alaman ng mga Hapon na nasa Batac ang kampo ni Monje, nagtayo sila ng kanilang mga

kampo sa halos lahat ng barrio ng nabanggit na bayan.[69] Maaaring mayroong espiya ang mga kalaban sa grupo ni Monje kaya nalalaman ng mga ito ang mga galaw at kilos ng grupo. O kaya naman ay naging masusi ang pagsubaybay nila sa mga mamamayan ng Batac kung kaya alam ng mga ito sa mga kilos ng mga gerilya. Nang malaman ng mga Hapon na nasa Sasacduan ang kampo nina Monje sa Batac, sinugod ito ng mga Hapon at nagkaroon ng labanan. Tatlong Hapon ang nasawi sa naganap na engkwentro.[70]

Dumating ang isa sa pinakamalaking pagsubok sa mga gerilya noong mawala si Gobernador Ablan at pinaniniwalaang pinaslang ng mga Hapon noong 31 Enero 1943 at noong sumuko ang kasama ng gobernador na si Tenyente Madamba noong Abril 1943.[71] Sa kabila ng matinding dagok na kanilang naranasan, ipinagpatuloy nina Monje ang kanilang pakikibaka. Dumating ang isa pang matinding dagok sa Monje Guerilla Unit noong 21 Hunyo 1943 sa barrio Mabaleng, Batac nang sugurin ng mga Hapon ang kanilang kampo. Sa ginawang pagsugod ng mga kalaban, nakatakas sa unang pagkakataon sina Monje at Acosta kasama na ang pamilya ng huli. Ngunit hindi sila tinantanan ng mga tumutugis sa kanila hanggang sa mahuli sila maliban kay Acosta na muling nakatakas. Nang sumunod na araw si Monje kasama ang lahat ng mga gerilyang nadakip ay pinaslang bilang kaparusahan. Pagkatapos patayin si Monje, pinugutan siya ng mga Hapon at dinala ang kanyang ulo sa lugar kung saan namatay ang dating *aide de camp* ni Heneral Homma. Nagmistulang alay sa namatay na Hapon ang ulo ni Monje.[72] Sa kabutihang-palad hindi pinatay ang pamilya ni Acosta, nanatili silang bihag ng mga Hapon sa loob ng anim na buwan.[73]

Kahit hawak ng mga kaaway ang kanyang pamilya hindi sumuko si Acosta. Nanatiling malaya si Acosta at hindi mahuli-huli ng mga kaaway sapagkat patuloy ang ibinigay na pagtulong sa kanya ng alkalde ng Batac na pinaupo ng mga Hapon na si Feliciano Asuncion, ng mga tiniente ng iba't-ibang barrio ng Batac.[74] Ngunit dahil sa ginawang ito ng mga taga-Batac naging mainit ang dugo ng mga Hapon sa kanila maging ang grupong tinawag na PILPILMI.[75] Hindi lamang ang pagkanlong ng mga taga-Batac kay Acosta ang ikinagalit ng mga Hapon, kundi ang patuloy na pagsabotahe ng taumbayan sa kanila sa pamamagitan ng pagputol ng mga ito sa kable ng komunikasyon.[76] Dahil dito, iba't-ibang uri ng pagpapahirap ang dinanas ng mga Bataqueño sa kamay ng mga nabanggit, ilan sa mga ito ang tinatawag na *water cure*; ang pagbitin ng patiwarik at biglang ibabagsak; pagsunog sa iba't-ibang bahagi ng kanilang katawan gamit ang sigarilyo at nagbabagang kahoy; at iba pang hindi makataong pagpapahirap. Ang iba naman kung hindi pinapahirapan ay agad na pinapatay.[77]

## ANG PAGLABAN PARA SA KALAYAAN

Binuo ang 15th Infantry sa ilalim ng U.S. Army in the Philippines-NL(USAFIP) sa Ilocos Norte noong 14 Oktubre 1943 sa utos ni Kolonel Russell Volckmann.[78] Napailalim ang 15th Infantry sa pamumuno ni Kapitan John O'Day at hinirang bilang Pinunong-Tagapagpaganap si Gobernador Ablan.[79] Itinatag ang kampo nito sa bayan ng Piddig,[80] at kahit gaano kaliblib ang bayan na ito ng Ilocos Norte, nang manawagan ang 15th Infantry sa lahat ng gerilya sa Abra, Ilocos Norte, at Hilagang bahagi ng Ilocos Sur na magtipon-tipon agad silang tumugon at

nagtungo sa Piddig. Pormal na naging kasapi ng USAFIP NL ang mga gerilya noong 3 Disyembre 1944. Napagalaman kaagad ng mga Hapon ang naganap na pagtitipon kung kaya't sa madaling araw ng 4 Disyembre, sinugod nila ang kampo. Nagkaroon ng labanan at dito napatunayan ng mga gerilya kung gaano kalakas ang kanilang pinagsamasamang puwersa sa iisang operasyon. Bagamat tagumpay ang operasyon ng mga gerilya sa ilalim ng USAFIP NL nagkaroon pa rin ng kaagad na pagbabago ng pinuno, tinanggal si O'Day at inilagay sa puwesto niya si Medyor Robert H. Arnold.[81]

Si Arnold ang pinuno nang ilipat ang sentro ng aktibidad ng USAFIP NL sa Batac. Pinaniniwalaang kaya napili ang Batac dahil na rin sa ipinakita ng mga mamamayan nitong katapatan sa Pamahalaang Komonwelt at ang aktibong partisipasyon nila sa pagtutol sa pananakop ng mga Hapon. Katunayan, ang mga pinuno ng una at ikatlong batalyon ng USAFIP NL ay mga tubong Batac, ito ay sina Medyor Simeon Valdez at Kapitan Gaudencio Sillona, at humigit-kumulang apatnapung bahagdan din sa mga kasapi ay kababayan ng dalawa.[82]

Nang tuluyang magsimula ang digmaan upang mapalaya ang Ilocos sa kamay ng mga mananakop na Hapon, kinailangan ng karagdagang puwersa. Dito isinaayos at pinagtibay ang mga organisasyong Bolomen at Women Auxiliary Service (WAS) ng Batac. Malaki ang itinulong at naging papel ng Bolomen sa naganap na digmaan. Sa kanila naiatas ang pagtulong sa paglilipat ng mga armas at pagprotekta sa mga gerilya o sundalo. Samantalang ang mga WAS naman ang tumulong upang magkaroon ng mga

makakain, damit, at iba pang pangunahing pangangailangan ang mga nakikibaka, bukod sa pag-gagamot at pag-aalaga sa mga nasugatan at maysakit.[83]

Nagsimula ang pakikibaka para sa kalayaan ng Ilocos Norte partikular na ang Batac noong Disyembre 1944. Sa tulong ng pinagsama-samang puwersa ng 15th Infantry, Bolomen, WAS, at ng taumbayan nakamit ng Batac ang kanyang kalayaan noong 25 Pebrero 1945 alas-singko ng hapon.[84] Idineklara naman ang kalayaan ng Ilocos Norte noong 2 Marso 1945, ang unang probinsya sa Hilagang Luzon na lumaya mula sa mga Hapon.[85]

Pinasinayaan ang Pamahalaang Militar ng Batac noong 3 Marso, ilang araw pagkatapos lumaya ang bayan ng Batac. Itinalaga ni Arnold bilang gobernador ng naturang pamahalaan si Catalino Acosta pagkatapos itong sang-ayunan ni Volckmann.[86] Sa pagkatalo at pag-alis ng mga Hapon sa Gabu ang isa sa mga lugar sa Ilocos Norte na kanilang tinakbuhan, naibalik ang katahimikan ng probinsya at muling itinatag ang Pamahalaang Komonwelt noong 3 Agosto 1945. Tuluyan nang winatak ang mga organisasyong umusbong noong digmaan gaya ng Bolomen at WAS[87] at sa araw ding nabanggit nagtapos ang pagiging gobernador ni Acosta sa Pamahalaang Militar.[88]

Ang pagkagapi ng mga Hapon sa Ilocos ay isa lamang sa pagkatalong kanilang nalasap noong bumalik ang puwersa nina MacArthur. Nang magsimula ang kanilang pagkatalo sa kamay ng mga Amerikano at mga gerilyang Pilipino, tuluy-tuloy na ang kanilang pagkabigo hanggang sa sumuko ang puwersa ni Heneral Tomoyuki Yamashita

noong 3 Setyembre 1945, na hudyat nang pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig o ang panahon ng pananakop ng mga Hapon sa Pilipinas.

## NOTES

1 "National Personnel Records Center - Historical Background," Mula sa National Archives and Records Administration, accessed on 22 June 2021 https://www.archives.gov/personnel-records-center/military-personnel/philippine-army-records?_ga=2.154346424.1401320130.1624323703-518176514.1624323703

2 Eden M. Gripaldo, et.al., "Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino," (Diliman: UP-Sentro ng Wikang Filipino, 2003), 255.

3 Ricardo T. Jose, "The Japanese Occupation," *The Philippines After the Revolution 1898-1945*, (Philippines: GEBA Printing Company, 2000), 133.

4 Teodoro Agoncillo, "History of the Filipino People 8th ed.," (Quezon City: Garotech Publishing, 1990), 391.

5 MG Charles A. Willoughby (comp.), "The Guerilla Resistance Movement in the Philippines 1941-1945," (New York: Vantage Press, 1972), 12.

6 Louis Morton, "The Fall of the Philippines," (Washington D. C.: Center of Military History United States Army, 1993), 86.

7 Willoughby (comp.), 12.

8 Batay sa mga ginawang pakikipanayam sa mga mamamayan ng Batac na nakasaksi at nakaranas nito.

9 Bibiano Arzadon, "On World War II: Recollections of a Young Filipino Boy," (Indiana, USA: Author House, 2009), 39.

10 Art Villasanta, "Victorious: the saga of the Philippines and her guerrillas in the Second World War," *2011 Araw ng Kagitingan: Philippine Veteran's Week Beterano: Huwaran ng Lahing Pilipino*, (April 5-11, 2011), 41.

11 Morton, 457-458.

12 Villasanta, 41.

13 "National Personnel Records Center - Historical Background."

14 Ibid.

15 Gripaldo, et. al., 259.

16 Maximo Lacambra, panayam nina Maria Teresa Arce, et. al., ika-8 ng Setyembre 2012.

17 Caridad Pobre, panayam nina Febb Borje, et. al., ika-15 ng Setyembre 2012.

18 Flores, 53.

19 Lacambra, panayam.

20 Ibid.

21 Chris Antonette P. Pugay, "A Thorn on the Enemy's Side: The Ablan-Madamba Guerilla Group," mula sa National Historical Commission of the Philippines, accessed on 22 June 2021 nhcp.gov.ph/a-thorn-on-the-enemys-side-the-ablan-madamba-guerilla-group/.

22 Prudencia Gapas, panayam nina Maria Teresa Arce et. al., ika-22 ng Setyembre 2012.

23 Reginaldo Gapas, panayam nina Maria Teresa Arce et. al., ika-22 ng Setyembre 2012.

24 R. Gapas, panayam.

25 Arzadon, 40.

26 P. Gapas, panayam.

27 Pobre, panayam.

28 *Mara-Hapon* ang naging tawag ng mga Ilokano sa mga kapwa nila na sumapi sa pwersa ng mga Hapones. Nangangahulugan na ang salitang *mara* ay "tila" sa wikang Ilokano. Sa pananaw ng mga naging biktima ng mga naturang tao, kaparehas ng mga Hapon o mas marahas pa ang mga naturang tao.

29 Ibid.

30 Rosa Yadao, panayam nina Miguel Agonoy, et. al., ika-22 ng Setyembre 2012.

31 Aniceto Dadia, panayam nina Maria Teresa Arce, et. al., ika-28 ng Agosto 2012.

32 Pobre, panayam.

33 Willoughby, 480.

34 Ibid, 488.

35 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, Collection of Acosta Family, Batac City, 1.

36 Mula sa marker na inilagay ng National Historical Commission of the Philippines noong 2012 sa Kapitolyo Probinsyal ng Ilocos Norte.

37 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," 1.

38 Willoughby, 488.

39 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," 1.

40 Catalino Acosta, para sa Chief of National Personal Record Center, Missouri, ika-16 ng Nobyembre 1973, kopya ni Catalino Acosta, Collection of Acosta Family, Batac City.

41 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 1.

42 "A Brief History of the Monje Guerilla and Military Government of Ilocos Norte," manuskrito, Collection of Acosta Family, Batac City.

43 Ibid.

44 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 1.

45 Ibid.

46 "Isabelo Monje, para kay Col. Robert H. Arnold," walang nakalagay na petsa, kopya ng orihinal, Acosta Family Collection, Batac City.

47 Ito ang tropa ng USAFFE na rineorganisa noong 1942.

48 Listahan ng mga opisyal sa Ilocos Norte-Abra-Ilocos Sur Guerilla District.

49 "Isabelo Monje, para kay Col. Robert H. Arnold."

50 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 2.

51 Ibid.

52 Billoca ang kasalukuyang pangalan ng barrio.

53 Nangyari ang pagdakip sa tatlong mga Hapon sa bayan ng San Nicolas, karatig bayan ng Batac.

54 "Isabelo Monje para sa Gobernador ng Ilocos," ika-11 ng Hunyo, 1942, kopya ng orihinal, Acosta Family Collection, Batac City.

55 Sa sulat na ito tinawag na Barrio Antatet ang Barrio Nannuangan ng Batac, marahil nagkamali si Monje dito sapagkat hindi siya nanirahan sa Batac. Maaaring ang huli ang tamang lugar sapagkat ito ang nababanggit na lugar sa mga sulat kay Catalino Acosta, ang ama ng bayan sa panahong iyon.

56 "Isabelo Monje para sa Gobernador ng Ilocos."

57 Itinaas siya sa ranggong Heneral pagkatapos niyang mapaslang.

58 Ayon sa sulat ni Feliciano Madamba para kay Catalino Acosta, ang naturang opisyal ang pinuno ng hukbong Hapon sa Hilagang Luzon.

59 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 2.

60 "Isabelo Monje, para sa Gobernador ng Ilocos."

61 Lagda lamang ng opisyal ng USAFFE ang nakalagay.

62 Kilala rin si Heneral Artemio Ricarte sa katawagang *Vibora* noong panahon ng rebolusyon at kasapi ng Katipunan. Sinasabing siya ang tanging bayani ng bansa na hindi nanumpa ng kanyang katapatan noong sinakop ng Estados Unidos ang Pilipinas. Sa kanyang pagtutol laban sa pananakop ng Estados Unidos sa bansa, naging eksilo siya sa bansang Hapon. Sa paniniwalang ibibigay ng naturang bansa ang kasarinlang inaasam niya para sa Pilipinas, sumama si Heneral Ricarte sa mga Hapon noong pinasok ng mga ito ang bansa. Naging aktibo siya sa pakikipag-usap sa mga kapwa Pilipino na tanggapin ang mga Hapon dahil sa nabanggit na paniniwala.

63 Si Mariano Edralin Marcos ang ama ng dating pangulong Ferdinand E. Marcos. Naging Kongresista ng Ilocos Norte noong 1925 hanggang 1931. Namatay sa Bacnotan, La Union noong ika-8 ng Marso 1945.

64 "USAFFE para kay Alcalde Catalino Acosta," ika-8 ng Hulyo 1942, Acosta Family Collection, Batac City.

65 "Heneral Artemio Ricarte, para kay Alcalde Catalino Acosta," ika-13 ng Hulyo 1942, kopya ng orihinal, Acosta Family Collection, Batac City.

66 "Catalino Acosta, para sa Pinuno ng National Personal Record Center."

67 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 3.

68 Ibid., 4.

69 "A Brief History of the Monje Guerilla and Military Government of Ilocos Norte," manuskrito.

70 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 4.

71 Pobre, panayam.

72 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 4.

73 "USAFIP NL Military Government of Ilocos Norte (March 3 to August 2 1945)," manuskrito, Acosta Family Collection, Batac City.

74 Ito ay sina Felix Bacudio ng Baligat, Simon Silao ng Billoca at Pedro Clemente ng Sarnap.

75 Isa itong katawagan sa mga sumusuporta at gumagawa ng lahat ng mga tagubilin ng mga Hapon, maliban sa katawagang Mara-Hapon.

76 Telepono at telegrama ang pinutol sa barrio Apaleng ng Batac at sa mga barriong nasa pagitan ng Batac at Paoay.

77 "USAFIP NL Military Government of Ilocos Norte (March 3 to August 2, 1945)," manuskrito.

78 Pobre, panayam.

79 Dahil dito binigyan siya ng komisyon bilang Kapitan.

80 Isang mabundok na bahagi ng Ilocos Norte.

81 Celedonio A. Ancheta (ed.), Liberation of Ilocos, Vol. I," (Manila: National Book Store, Inc., 1983), 1-4.

82 "History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)," manuskrito, 5.

83 "A Brief History of the Monje Guerilla and Military Government of Ilocos Norte," manuskrito.

84 "USAFIP NL Military Government of Ilocos Norte (March 3 to August 2, 1945)," manuskrito.

85 Cesar Pobre, *Victory in Northern Luzon*. (Quezon City: Rightfield Printing and Supplies, 2010), 191.

86 "USAFIP NL Military Government of Ilocos Norte (March 3 to August 2, 1945)," manuskrito.

87 "A Brief History of the Monje Guerilla and Military Government of Ilocos Norte," manuskrito.

88 "Catalino Acosta, para sa Pinuno ng National Personal Record Center."

## REFERENCES

### Primaryang Batis

Acosta, Catalino. *Liham ni Catalino Acosta para kay Kol. R. H. Arnold*. Ika-7 ng Hunyo 1947. Collection of Acosta Family, Batac City.

Ancheta, Celedonio (ed.). *Liberation of Ilocos, Vol. 1*. Manila: National Book Store, Inc., 1983.

Arzadon, Bibiano. *On World War II: Recollections of a Young Filipino Boy*. Indiana, USA: Author House, 2009.

*Catalino Acosta, para sa Chief of National Personal Record Center, Missouri*. Ika-16 ng Nobyembre 1973. Kopya ni Catalino Acosta. Collection of Acosta Family, Batac City.

*Headquarters Philippines Command United States Army: U. S. Army Recognition Program of Philippine Guerrillas*. Collection of Acosta Family, Batac City.

*Heneral Artemio Ricarte para kay Catalino Acosta*. Ika-13 ng Hulyo 1942. Collection of Acosta Family, Batac City.

*History and Activities of Monje Guerilla Unit Under Ablan-Madamba Guerilla (sic)*. Manuskrito. Collection of Acosta Family, Batac City.

*Isabelo Monje para kay Kol. Robert H. Arnold*. Walang nakalagay na petsa. Collection of Acosta Family, Batac City.

*Liham ni Catalino Acosta para kay Kol. Robert H. Arnold*. Ika-7 ng Hunyo 1947. Collection of Acosta Family, Batac City.

*Mensahe ng Komite nina Catalino Acosta sa mga Mamamayan ng Ilocos Norte para sa Gaganaping Pagtitipon bilang Pag-alala sa Paglaya ng Ilocos mula sa mga Hapon*. Collection of Acosta Family, Batac City.

*Mensahe sa pagitan nina Pangulong Manuel L. Quezon at Gobernador Roque Ablan*. Ika-10 hanggang ika-14 ng Marso 1942. Collection of Acosta Family, Batac City.

*Sinumpaang Salaysay na Nagpapatunay sa Pagiging Sundalo ng USAFFE nina Pfc. Celestino Guittap at Felipe Battulayan*. Ika-17 ng Nobyembre, 1946. Collection of Acosta Family, Batac City.

*USAFFE para kay Alcalde Catalino Acosta*. Ika-8 ng Hulyo 1942. Collection of Acosta Family, Batac City.

*USAFIP NL Military Government of Ilocos Norte (March 3 to August 2 1945)*. Manuskrito. Acosta Family Collection, Batac City.

## Sekondaryang Batis

*Agoncillo, Teodoro. History of the Filipino People 8th ed*. Quezon City: Garotech Publishing, 1990.

Ancheta, Celedonio A. (ed.). *Liberation of Ilocos, vol.1*. Manila: National Book Store, Inc., 1983.

Flores, Magelende M. "Some Songs of the Guerrilla Movement in Panay and Negros." *Journal of English Studies and Comparative Literature, Volume 2, No. 1, 1997*.

Gripaldo, Eden M. et.al. *Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino*. Diliman: UP- Sentro ng Wikang Filipino, 2003.

Guardia, Mike. *American Guerrilla: The Forgotten Heroics of Russell W. Volckmann*. Pennsylvania, USA: CASEMATE Publishers, 2010.

Jose, Ricardo T. "The Japanese Occupation." *The Philippines After the Revolution 1898-1945*. Philippines: GEBA Printing Company, 2000.

Pobre, Cesar. *Victory in Northern Luzon*. Quezon City: Rightfield Printing and Supplies, 2010.

Villasanta, Art. "Victorious: The Saga of the Philippines and her guerillas in the Second World War." *2011 Araw ng Kagitingan: Philippine Veteran's Week Beterano: Huwaran ng Lahing Pilipino*. April 5-11, 2011.

Willoughby, MG Charles A. (comp.). *The Guerilla Resistance Movement in the Philippines 1941-1945*. New York: Vantage Press, 1972.

## Panayam

Dadia, Aniceto. Panayam nina Maria Teresa Arce, et. al. Ika-22 ng Setyembre 2012.

Gapas, Prudencia. Panayam nina Maria Teresa Arce, et. al. Ika-22 ng Setyembre 2012.

Gapas, Reginaldo. Panayam nina Maria Teresa Arce, et. al. Ika-22 ng Setyembre 2012.

Lacambra, Maximo. Panayam nina Maria Teresa Arce, et. al. Setyembre 2012.

Yadao, Rosa. Panayam nina Miguel Agonoy, et.al. Setyembre 2012.

## Internet

"National Personnel Records Center- Historical Background," Mula sa National Archives and Records Administration, accessed on 22 June 2021 https://www.archives.gov/personnel-records-center/military-personnel/philippine-army-records?_ga=2.154346424.1401320130.1624323703-518176514.1624323703.

Pugay, Chris Antonette P. "A Thorn on the Enemy's Side: The Ablan-Madamba Guerilla Group." Accessed on 22 June 2021 nhcp.gov.ph/a-thorn-on-the-enemys-side-the-ablan-madamba-guerilla-group/.